フィリピノ語版

# Aklat ng Patnubay sa Paghihiwalay ng Basura

## "4 na patakaran na dapat sundin"

Bukod sa patakaran ng paghihiwalay at pagkokolekta ng basura, may mga itinakdang patakarang ayon sa bawat rehiyon pagdating sa malinis na paggamit ng lugar na paglalagyan ng basura. Sundin natin ang mga itinakdang patakaran.

**Patakaran 1**

Itapon natin ang mga basura at recyclable nang nakalagay sa itinalagang supot!

**Patakaran 2**

Itapon natin ito hanggang alas otso(8) ng umaga sa itinakdang araw!

**Patakaran 3**

Itapon natin nang ayon sa itinakdang paraan ng paghihiwalay ng basura!

**Patakaran 4**

Itapon natin ito sa itinalagang lugar!



MATSUSAKA CITY

# Mga uri at klase ng basura sa Syudad ng Matsusaka (Listahan)

※Mangyaring paghiwalayin ang mga ito at ilagay ito sa itinalagang lugar ng bandang alas-otso(8) ng umaga sa mismong araw kung kailan ito kokolektahin.

## Basurang nasusunog

P.5・P.6



Basurang nabubulok
(halos 80% ay tubig kaya alising mabuti ang tubig)


Mga bagay na hindi maitatapon sa mga naire-recycle na bagay

Maruming papel, atbp.



Iba pa

bag (tanggalin ang bakal), goma, lampin, atbp. (tanggalin ang dumi)



Ang mga hindi magkakasya sa itinalagang supot ng basura ay ilalabas bilang basurang nasusunog



**Mula sa tinabas na puno sa hardin**

Hatiin ito nang pira-piraso sa haba na isang metro(1m) at kapal na 5cm, at magkasama itong itali para madala mo ito gamit ang isang kamay lamang.

**malaking futon/carpet**

Gawing isang metro (1m) ang laki nito at itali ito ng pa-krus.






Ilagay ang basurang nasusunog sa itinalagang dilaw na supot ng basura at sa itinalaga ng Syudad ng Matsusaka na supot ng basura (na para lamang sa mga basurang nasusunog) at mahigpit itong itali o ibuhol bago itapon.

## Basurang hindi nasusunog

P.7・P.8


Mga uri ng maliliit na bakal

kaldero, takure, kawali, lata, atbp.




Mga seramiko

mangkok at tasa, pinggan, plorera, palayok na gawa sa luwad (donabe), pigurin, atbp.




Mga babasagin

mga bombilya, hindi nasusunog na babasagin, tasa, salamin, atbp.



de-kuryenteng kasangkapan(hindi re-recharge na bagay)


vacuum cleaner, bentilador, rice cooker, oven, de-kuryenteng takure, mini-component, calculator, atbp.




bisikleta

※Mangyaring markahan bilang "gomi" ("basura")

※Mangyaring tanggalin ang baterya ng de-kuryenteng bisikleta. (Markahan na tinanggalan na ito ng baterya)



○Ilagay ang mga basura na karaniwang hindi nasusunog sa transparent/translucent na supot kung saan makikita ang loob.




## Mapanganib na basura

P.19

Spray can, canister cartridge

※Hindi na kailangang butasan ang lata.



Dry cell na baterya

※Ito ay para sa mga bateryang alkali, manganese, lithium, atbp.


Lighter

※Pakiusap ubusin muna ang gas bago ito itapon.



## Fluorescent na ilaw

P.19



※Pakiusap huwag itong basagin at ilagay sa kahon ng pinagbilhan o hiwalay na supot.

Termometro

※Ang mga may mercury ay maaaring itapon kasama ang fluorescent na ilaw.

▶Mga bagay na kokolektahin sa kahong pangkolekta
(mga maliliit na kasangkapang pambahay na maaari pang ma-recycle)


## Pag-recycle ng maliliit na kasangkapan

P.16

Kinokolekta namin ang mga hindi pangkaraniwang materyal na matatagpuan sa maliliit na elektronikong aparato gamit ang "kahong pangkolekta" upang makolekta ito nang tama.
(Tingnan ang pahina 16 para sa lugar na paglalagyan ng kahong pangkolekta)



Ang sukat ng kokolektahing kahon ay 15 cm (patayo) x 30 cm (pahalang).
Mangyaring huwag ilagay ang basurang hindi magkakasya sa kahon.




video camera　digital camera　smartphone　game console, atbp.

★Tingnan ang bawat pahina para sa mga detalye.

## Mga nare-recycle na bagay


### Puting tray P.10

Patuyuin nang mabuti pagkatapos itong mahugasan nang mabuti.



### PET na bote P.10

Banlawan nang maayos ang loob.



PET Ganito ang marka sa sisidlan. Itatapon bilang plastik ang takip at label.

### Mga de-papel P.11

Ang mga kabilang sa uri ng papel ay mga dyaryo, karton, magazine at iba pang papel, karton ng gatas.




### Mga lumang damit P.12

Lumang damit
(shirt, sweater, atbp.)

Mga tela
(tuwalya, kumot, kurbata, atbp.)




### Aluminum na lata para sa pagkain at inumin

Banlawan nang maayos ang loob. P.13




### Mga maliliit na kagamitan sa bahay na maaaring i-charge P.9

Mga de-kuryenteng kasangkapan na tsina-charge kapag ginagamit
(rechargeable vacuum cleaner, de-kuryenteng pang-ahit, baterya para sa cellphone, atbp.)



### Plastik na sisidlan/supot P.15

Mga tray/pampakete






Plastik na supot, mga pambalot | Mga tasa/baso | Mga bote | Mga tubo | Mga styrofoam, atbp.

### Basyong bote P.13




Puti | Brown | Iba pa

★Banlawan nang maayos ang loob.
★Depende sa kung anong materyal ang ginamit sa tansan at takip, ang metal ay dapat na itapon sa basurang hindi nasusunog at ang plastik ay ihihiwalay kasama ang mga plastik na sisidlan/supot.


## Pag-recycle ng kompyuter P.17

①Dalhin ang mga ito sa Matsusaka City Recycling Center, Matsusaka City Clean Center
②Gamitin ang koleksyong pangkoreo ng Lynette Japan Recycle Co., Ltd.
③Ibigay ito sa isang tagagawa ng kompyuter



## Pag-recycle ng kasangkapang pambahay P.18


①Kolektahin ang mga ito sa mga malalaking retailer ng mga kasangkapang pambahay
②Dalhin ito sa itinakdang lugar na pagkukuhanan
③Dalhin sa Matsusaka City Clean Center




aircon, tv, refrigerator/freezer, washing machine, dryer

# Ang 3R at Basura ng Syudad ng Matsusaka

## Una, magsimula tayo sa paghihiwalay ng basurang nasusunog!




【Porsyento ng basura ayon sa uri】
(Average na bilang nito mula 2016-2018)




【Resulta ng pagsusuri tungkol sa mga basurang madaling masunog】
(Average na bilang nito mula 2016-2018)

Ang mga papel, basurang nabubulok at plastik ay ang bumubuo sa tinatantiyang 75% ng kabuuan ng mga basura.
Maraming nasusunog na basura ang mababawasan sa pamamagitan ng paghihiwalay sa mga ito bilang mga recyclable!



## Bawasan natin ang basura sa pamamagitan ng (Pagbawas>Muling Paggamit>Pag-recycle)

Reduce Reuse Recycle

### Una sa lahat!

Pagkontrol sa paglikha ng basura

**Pagbawas (Reduce)**

Huwag magluto nang labis na pagkain, huwag magtira.



Magdala ng sariling eco-bag.




### Hangga't maaari

Muling gamitin

**Muling Paggamit (Reuse)**

Gumamit ng refillable na produkto upang hindi makatapon ng basura.








Gamitin ang mga recycle shop, atbp.

Ang 3R, gawin ang pagkakasunud-sunod ng Reduce, Reuse, Recycle!

### Muli

**Pag-recycle**

Maire-recycle bilang kagamitang panangkap (raw material)



Para mai-recycle, paghiwa-hiwalayin ang mga basura nang naaayon sa mga patakaran.




### Mahalaga ang pag-recycle!

①Paghiwa-hiwalayin ang basura nang mabuti!

〇Dahil ang mga muling ginamit na materyal ay itinuturing na bagong produkto, hindi maaaring gamitin ang mga ito kung ihahalo sa iba't ibang uri ng mga produkto.

②Itapon natin ito nang malinis!

〇Kapag nahaluan ng maruming bagay, nadudumihan pati ang malinis na bagay, at bumababa ang kalidad ng mga produktong gumagamit ng mga nare-recycle na materyal.


**Hindi nababawasan ang dami ng basura sa simpleng pagre-recycle ng mga bagay na itinapon bilang basura. Ang pinakamahalagang paraan upang mabawasan ang basura ay ang pag-iisip ng mga magagandang paraan para maiwasan ang pagtapon ng basura at umaksyon.**

## Bawasan natin ang 3 pangunahing basurang nasusunog [mga papel/plastik/basurang nabubulok]!

### Kakaunti na dami ng mga de-papel




### Kakaunti na dami ng mga plastik




### Kakaunti na dami ng basurang nabubulok

**Tatlong paraan para hindi makalikha ng basurang nabubulok [3 hindi dapat gawin]**

**Huwag** maglagay nang labis



**Huwag** magluto nang labis



**Huwag** magtira ng pagkain



**Buhulin nang isang beses bago itapon!**

Tinatayang 80% ng basurang nabubulok ay tubig. Gumagaan ang basurang nabubulok kapag inaalisan ng tubig.



## Nagsisimula ang pag-aayos ng basura sa tahanan at komunidad!

### Mga aktibidad ng pagkolekta ng basura ng bawat pangkat

Ang pagkokolekta ng mga lumang basurang papel/lumang damit, basyong bote (muling magagamit na bote), atbp., ay isinasagawa ng mga lokal na asosasyon ng mga residente at mga samahan ng kabataan. Ang mga petsa ng pagkolekta, lokasyon at paraan ng pagtatapon ay naiiba sa bawat lugar.

【Pinansyal na Tulong ng Pamahalaan para sa mga Aktibidad ng Pagkolekta ng mga Recyclable na Bagay】 Tingnan sa pahina 25

Kinokolekta ng mga nauna nang nakapagparehistrong asosasyon ng mga residente, samahan ng kabataan, at ibang mga grupo sa komunidad ang mga itinalagang recyclable na bagay at maaaring tumanggap ng pagpopondo depende sa dami ng nakolekta.

### Mula sa basurang nabubulok, gumawa ng pataba sa halaman

Gamit ang basurang nabubulok na isa sa mga pangunahing bumubuo sa mga basurang nasusunog, subukan nating gawin itong mga pataba para sa mga bulaklak at gulay. Magiging kalahati na lang ang dami ng basurang itatapon natin araw-araw, at magiging mas madali ang pagtatapon ng basura!


[Pinansyal na Tulong ng Pamahalaan para sa Lalagyang Pang-compost at iba pa para sa Basurang Nabubulok]Tingnan sa pahina 25


Kung pinag-iisipan mong magsimulang mag-compost ng mga basurang nabubulok sa bahay, may subsidyo para sa pagbili ng mga lalagyan at makina para sa proseso ng pag-compost.



# Basurang nasusunog

Mangyaring ilagay ang basura sa dilaw na semi-transparent na supot na itinalaga ng Syudad ng Matsusaka para itapon sa lugar na pagtatapunan.





Laging ilagay ang basurang nasusunog sa itinalagang supot at itapon ito sa lugar ng pagtatapunan!



Mayroong
45ℓ
30ℓ
10ℓ
na sukat ang bawat isa.


## ★Basurang mula sa kusina

Basurang nabubulok (pinaglutuan, natirang pagkain, atbp)



## ★Hindi na muling magagamit na papel

Mga basurang naglalaman ng pagkain na nagmamantika, atbp.




Mga nagamit na tissue paper




## ★Plastik na walang markang plastik

※Ito ay para sa mga basurang ang laki ay kasya sa itinalagang supot ng basura.




laruang gawa sa plastik

※Hindi kasama ang basurang may bakal.




CD・DVD・BD (kasama ang pabalat)



casette/ videotape



sepilyo/palanggana



plastik na hanger

## Paraan ng pagtapon ng basurang nasusunog sa lugar ng pagtatapunan





### Karaniwang basurang nasusunog


Ilagay ang basurang nasusunog sa itinalagang dilaw na supot ng basura at sa itinalaga ng Syudad ng Matsusaka na supot ng basura (na para lamang sa mga basurang nasusunog) at mahigpit itong pagbuhulin bago itapon.




### futon/carpet

Tiklupin sa tinatayang 1m laki ang basurang hindi kakasya sa itinalagang supot ng basura, talian nang pa-krus gamit ang pisi, at itapon sa lugar ng pagtatapunan.





### Mga pinutol na sanga/Nalaglag na dahon/damo

Putulin pa ang mga pinutol na sanga hanggang sa haba na 1m/ kapal na 5cm, bigkisin gamit ang pisi sa kapal na madadala ng isang kamay.



Pulutin ang mga nalaglag na dahon/ damo, at ilagay sa itinakdang supot ng Syudad ng Matsusaka.




## ★Mga goma at katad o yari sa balat ng hayop




bota



de-gomang guwantes



hose



tsinelas





bag at sinturon

※Tanggalin ang bakal na bahagi at itapon bilang basurang hindi nasusunog.

## ★Mga paper diaper

※Alisin ang dumi.






# Basurang hindi nasusunog


## Ang mga ganitong bagay ay mga basurang hindi nasusunog.

### ★Maliliit na uri ng bakal



kaldero


takure

alambreng hanger
※Ilagay sa hiwalay na supot





kawaling pinipirituhan



lata (mga walang laman)

### ★Mga de-kuryenteng kasangkapang pambahay (mga hindi nare-recharge)

vacuum cleaner




bentilador





rice cooker



mini-component



oven




calculator



de-kuryenteng thermos

### ★Iba pa

bisikleta




※Mangyaring markahan bilang "gomi" ("basura")
※Mangyaring tanggalin ang baterya ng de-kuryenteng bisikleta. (Markahan na tinanggalan na ito ng baterya) Dalhin ang baterya sa tindahang nagbebenta nito






















## ★Mga babasagin


baso at tasa


salamin


bombilya/ LED



hindi nare-recycle na bote






Para sa kaligtasan, balutin ng makapal na papel ang mga babasagin at matatalim na bagay, at markahan ng "ガラス" (garasu o babasagin), "ハモノ" (hamono o matatalim na bagay) at ilabas sa lugar na pinagtatapunan!




## ★Mga seramiko


mangkok



plorera/palayok na gawa sa luwad (donabe)/pigurin


pinggan


## ★Matatalim na bagay



kutsilyo


kutsilyo sa kusina



gunting


pang-ahit

## Paraan ng pagtapon ng basurang hindi nasusunog sa lugar ng pagtatapunan

**Ilagay ang mga hindi nasusunog na basura sa transparent/ semi-transparent na supot kung saan makikita ang loob.**

※Hindi ito kokolektahin kapag hindi nakikita ang loob nito.
※Hindi magagamit para sa mga basurang hindi nasusunog ang mga supot para sa basura na itinakda ng Syudad ng Matsusaka.
※Hindi maaaring gumamit ng itinakdang supot para sa basura mula sa ibang lungsod at bayan.



令和２年度　ごみ減量・３Ｒを推進する標語入りポスター入選作品
















# Mga nare-recycle na bagay

## Mga maliliit na kagamitan sa bahay na maaaring i-charge


**Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura.**
※Hindi maaaring itapon ang basura gamit ang supot para sa basurang itinakda ng Syudad ng Matsusaka para sa basurang nasusunog.

※Sisimulan itong kokolektahin sa araw ng recyclable mula Abril 2021
※Para sa mga de-kuryenteng kasangkapan na tsina-charge kapag ginagamit.
※Mangyaring ilagay sa recycle box ang mga maliliit na kasangkapang mga laptop, smartphone, elektronikong organizer at iba pang storage media. (Tingnan sa pahina 16)

Halimbawa)


de-kuryenteng sepilyo



de-kuryenteng pang-ahit


baterya para sa cellphone


nare-recharge na vacuum cleaner


de-kuryenteng kagamitan


cordless na telepono


elektronikong sigarilyo

Nitong mga nakaraang taon, nagkaroon ng mga sunog sa mga sasakyang nangongolekta ng basura at pasilidad ng paglilinis dahil nahahalo sa mga basurang plastik at basurang hindi nasusunog ang mga lithium-ion na baterya at baterya para sa cellphone. Nakakatulong ang wastong paghihiwalay ng basura sa pagbawas sa mga aksidenteng ito.

Mayroong ganitong marka ang maliliit na na nare-recharge na baterya, kabilang ang lithium-ion na baterya.

**Marka ng recycle**

| Ni-Cd | Ni-MH | Li-ion |
|---|---|---|
| nickel-cadmium (Ni-Cd) na baterya | nickel-bakal hydride (Ni-MH) na baterya | lithium-ion (Li-ion) na baterya |

(Pinagmulan: Asosasyon ng Pagre-recycle ng mga Lalagyan at Pakete sa Japan)



# Puting tray

Kokolektahin ng magkahiwalay ang puting tray sa mga may kulay na tray upang muli itong ng mai-recycle bilang kasangkapang materyal.
Ang mga puting tray ay gawa sa styrofoam at puti ang kulay.

**Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura.**
※Hindi maaaring itapon ang basura gamit ang supot para sa basurang itinakda ng Syudad ng Matsusaka para sa basurang nasusunog.





Ganito ang eco-mark para sa mga nare-recycle na tray.



## Mga dapat tandaan sa paghihiwalay

★Patuyuin nang mabuti pagkatapos mahugasan nang mabuti.





Ang mga lalagyan ng natto at may kulay na tray, ay dapat itapon ang mga ito bilang "plastik na sisidlan/supot" kahit na puti ang mga ito.


# PET na bote

May 2 pantukoy na marka ang mga PET na bote. Magkakahiwalay na kinokolekta ang mga ito dahil magkakaiba ang proseso ng pagre-recycle ng mga materyal.


**Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura.**
※Hindi maaaring itapon ang basura gamit ang supot para sa basurang itinakda ng Syudad ng Matsusaka para sa basurang nasusunog.

## Mga dapat tandaan sa paghihiwalay

★Ang mga label at takip ay itatapon bilang "mga plastik na sisidlan/supot".
★Banlawan nang maayos ang loob.



**Dalawang(2) uri ng markang pantukoy**







PET na bote

# Mga de-papel




Mayroong 4 na uri ng papel na basura. Ang iba't ibang uri ay mga dyaryo, karton, magazine/iba pang papel, karton ng gatas. Iba't iba ang paraan ng pagre-recycle ng bawat uri.


## Talian nang pa-krus at itapon sa lugar na pagtatapunan.

○Ihiga nang nakapatag, pagsama-samahin sa paraang madadala ng isang kamay, at talian nang pa-krus.

### papel ng dyaryo

**Mga dapat tandaan sa paghihiwalay**


★Maaari mo ring itapon nang magkasama ang mga papel na pang-anunsyo at polyeto.




### karton

**Mga dapat tandaan sa paghihiwalay**

★Ito ay para sa mga bagay na hindi pantay-pantay.
★Tanggalin ang bahaging hindi papel gaya ng tape at bakal.



## Gumamit ng mga paper bag o talian nang pa-krus at itapon ito sa lugar ng pagtatapunan.


### Mga magazine/iba pang papel

**Mga dapat tandaan sa paghihiwalay**

○Pagsama-samahin ang mga kahon ng kendi, basurang papel na magkakaiba ang laki, at ang mga bagay na mahirap itali ay ilagay sa paper bag o iipit sa mga magazine at iba pang mga paraan ng pagtatapon.

★Ang iba pang mga papel ay kahon ng kendi, kahon ng tissue paper, sobre, postcard, at copy paper.








## Buksan ang lalagyan at talian nang pa-krus at itapon ito sa lugar ng pagtatapunan.


### karton ng gatas


○Hugasan ng maayos ang loob ng karton ng gatas at gupitin ito. Pagkatapos ay hayaan itong matuyo nang husto, at huwag kalimutan na laging talian ito nang pa-krus.


**Mga dapat tandaan sa paghihiwalay**

★Ito ay para sa 500ml at pataas na karton ng gatas, juice at iba pa na kung saan ang loob na lalagyan ay kulay puti.
★Hindi kasama ang mga lalagyan na laman ay 500ml pababa at ang loob ay kulay silver. Itapon sa lugar ng pagtatapunan ng basura bilang basurang nasusunog.





Hindi kasama ang mga karton na ang kulay ng loob ay silver

# Mga lumang damit

Ang mga lumang damit ay maaaring muling gamitin bilang damit o maire-recycle bilang kasangkapang materyal. Anuman ang gagawin, mangyaring labhan muna ito bago itapon sa lugar na pagtatapunan ng basura.

**Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura.**
※Hindi maaaring itapon ang basura gamit ang supot para sa basurang itinakda ng Syudad ng Matsusaka para sa basurang nasusunog.


## Lumang damit

### Mga dapat tandaan sa paghihiwalay

★Iwan ang butones at fastener.




○Ang mga lumang damit na maaaring ihiwalay at gamitin bilang second-hand na damit ay muling gagamitin.
※Mangyaring hugasan ito ng mabuti bago itapon sa lugar na pagtatapunan ng basura.




<shirt, sweater, atbp.>

## Mga tela

<tuwalya, kumot, kurbata, atbp.>







## 〈Mga hindi maitatapon bilang mga naire-recycle na bagay〉

### Mga de-papel


○Kapag nagre-recycle ng mga ni-recycle na materyal, hindi ito mare-recycle maliban lamang kung kinuha ito sa pamamagitan ng pagsunod sa mga patakaran, tulad ng pagkahalo ng mga plastik sa mga papel o kapag may kasamang ibang mga materyal na bukod sa papel.


○Ang mga papel na waterproof, litrato, papel na pambalot ng pagkain na narumihan, o papel na may amoy ay hindi maaaring gamitin bilang materyal sa paggawa ng papel na may magandang kalidad. Ilagay ang mga ito sa dilaw na supot para sa basura bilang basurang nasusunog at itapon sa lugar na pagtatapunan ng basura.

<papel na may amoy>




<litrato/panlitratong papel>







<waterproof na papel>

<shredded na papel>






<may kahalong papel gaya ng film at may halong aluminum, atbp.>




<narumihang papel na pambalot ng pagkain>



<carbon paper>

<thermal na papel>
<fax, resibo, atbp.>






<crimped na postcard>

### Mga tela

○Hindi kabilang dito ang mga carpet, futon at kurtina. Itapon ito bilang basurang nasusunog.



<carpet>



<zabuton (upuang unan), futon>



<mga stuffed toy>

# Aluminum na lata para sa pagkain at inumin


Ang aluminum na lata na para sa pagkain at inumin ay hiwalay na kokolektahin sa mga bakal na lata (kokolektahin ito bilang basurang hindi nasusunog). Itapon bilang recyclable ang mga may markang aluminum.

あきかんはリサイクル

**Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura.**
※Hindi maaaring itapon ang basura gamit ang supot para sa basurang itinakda ng Syudad ng Matsusaka para sa basurang nasusunog.

## Mga dapat tandaan sa paghihiwalay

★Banlawan nang maayos ang loob.









※Ihiwalay ang takip nang ayon sa materyal nito.

Itapon ang lalagyan ng instant nabeyaki udon na pagkain at inumin bilang aluminum na lata.

※Hindi nare-recycle ang aluminum foil kaya itapon ito bilang basurang nasusunog.

# Basyong bote

Kabilang sa mga basyong bote ang mga boteng ginamit sa inumin at pagkain at mga boteng ginamit para sa kosmetiko. Ang mga basyong bote ay ginagamit bilang recyclable na materyal ayon sa kulay, kaya kinokolekta ito gamit ang mga espesyal na itinakdang basket.

**Ang mga basket na pagtatapunan ng mga bote ay inilalagay sa bawat lugar isang araw bago ito kolektahin. Paghiwa-hiwalayin nang ayon sa kulay na puti, brown, at iba pa.**

## Mga dapat tandaan sa paghihiwalay

★Banlawan nang maayos ang loob.
★Depende sa kung saan gawa ang tansan at takip, ang bakal ay itatapon sa basurang hindi nasusunog at ang plastik ay ihihiwalay kasama ang mga plastik na sisidlan/supot.









Malalaman mo ang klasipikasyon ng bote sa pamamagitan ng pagtingin sa kulay ng bibig ng bote! Itapon ang mga may kulay na parang gatas bilang basurang hindi nasusunog!

# Lugar na pagdadalhan ng mga recyclable

| Mga maaaring dalhin | 1. plastic na sisidlan/supot 2. puting tray 3. PET na bote<br>4. papel na dyaryo 5. karton 6. magazine/iba pang papel<br>7. karton ng gatas 8. mga lumang damit<br>9. aluminum na lata para sa inumin at pagkain 10. basyong bote<br>11. maliliit na kasangkapan 12. kompyuter<br>13. fluorescent na ilaw 14. basurang mapanganib<br>15. mga maliliit na kagamitan sa bahay na maaaring i-charge |
|---|---|

Mangyaring gamitin ang serbisyo dahil isinasagawa ang pagtanggap ng mga nasa itaas sa bodega ng recyclable sa mga karaniwang araw at mga araw ng holiday.

★Walang sisingilin para sa pagtatapon ng mga dinalang basura!

| Lugar kung saan ito tinatanggap | Bodega ng Matsusaka City Recycling Center para sa mga Recyclable<br>Bodega ng Matsusaka City Clean Center para sa mga Recyclable | | |
|---|---|---|---|
| Araw at Petsa ng Pagtanggap | Karaniwang Araw | Lunes hanggang Biyernes | 8:30 - 12:00 ng umaga<br>1:00 - 4:30 ng hapon |
| | Holiday | Sabado, Linggo, Nasyonal na Holiday | 9:00 - 12:00 ng umaga<br>1:00 - 4:00 ng hapon |

※Hindi kasama ang katapusan at simula ng taon

※Kung ang holiday ay sa araw ng Lunes o kaya Miyerkules, ang mga oras ay katulad ng sa mga karaniwang araw

※Sa Matsusaka City Clean Center lamang isinasagawa kung saan ang mga oras ng pagbukas at pagsarado para sa ika-3 Linggo ay katulad ng sa mga oras ng sa karaniwang araw

| Lugar kung saan ito tinatanggap | Mikumo Recycle Center | | |
|---|---|---|---|
| Araw at Petsa ng Pagtanggap | Karaniwang Araw | Lunes hanggang Biyernes | 8:30 - 12:00 ng umaga<br>1:00 - 4:30 ng hapon |
| | Holiday | Sabado, Linggo, Nasyonal na Holiday | 9:00 - 12:00 ng umaga<br>1:00 - 4:00 ng hapon |

※Hindi kasama ang katapusan at simula ng taon




★Kung ilalagay mo sa supot ang itatapong recyclable, mangyaring gamitin ang supot na transparent/semi-transparent. Ang itinakdang dilaw na supot ng Syudad ng Matsusaka ay para lamang sa mga basurang nasusunog.

**Mahalagang Paalala**

- Ang bodega ng recyclable ay hindi tumatanggap ng mga basurang hindi recyclable (basurang nasusunog, basurang hindi nasusunog, pang-landfill).
- Paghiwa-hiwalayin at itapon ang mga recyclable nang naaayon sa patakaran.
- Ang mga recyclable ay ang malilinis na nare-recycle na bagay.
  Itapon ang basura pagkatapos mahugasan at mapatuyo ng maayos.
- May mga pagkakataong pinahihinto ang pagtanggap ng mga recyclable na bagay sa panahon ng bagyo at iba pang natural na sakuna.



# Plastik na sisidlan/supot

## Paghiwa-hiwalayin ang mga plastik na sisidlan/supot gamit ang markang plastik.

**Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura.**
※Hindi maaaring itapon ang basura gamit ang supot para sa basurang itinakda ng Syudad ng Matsusaka para sa basurang nasusunog.


### Plastik na supot, mga pambalot

Halimbawa)
supot mula sa tindahan,
supot ng kendi, atbp.



### Mga tasa/baso

Halimbawa)
lalagyan ng cup
noodles, pudding, atbp.




### Mga tubo

Halimbawa)
mayonnaise,
toothpaste, atbp.



### Mga tray, pampakete

Halimbawa)
lalagyan ng bento, tray ng pagkain,
atbp.




### Mga bote

Halimbawa)
shampoo, conditioner,
atbp.




### Mga styrofoam/atbp.

Halimbawa)
pambalot na styrofoam,
lalagyan ng natto, atbp.



**Pagkatapos ubusin ang nilalaman, hugasan ito gamit ang tubig para malinis ito.**
**Patuyuin nang mabuti pagkatapos mahugasan.**

※Itapon bilang basurang nasusunog kung hindi natatanggal ang dumi







# Pag-recycle ng maliliit na kasangkapan


## Ang mga itinakdang maliliit na elektronikong kasangkapan ng Syudad ay kokolektahin gamit ang kahong pangkolekta.


### Bago ilagay sa kahong pangkolekta...

★Mangyaring tanggalin ang personal na impormasyon mula sa device.
★Mangyaring tanggalin ang baterya. (Mapanganib na basura tingnan sa pahina 19)
★Hindi na maaaring bawiin ang mga maliliit na kasangkapan pambahay sa oras na maibigay ito.



laptop


terminal ng tablet



handheld game console



stationary game console



USB memory





external hard disk


digital camera


video camera


smartphone


cellphone






Kahong pangkolekta ng mga maliliit na kasangkapan na maaaring ma-recycle

**Lugar na paglalagyan ng kahong pangkolekta**

①Matsusaka City Clean Center
②Matsusaka City Recycling Center
③Mikumo Recycling Center
④Matsusaka City Hall
⑤Panrehiyong Kawanihan ng Promosyon ng Ureshino
⑥Panrehiyong Kawanihan ng Promosyon ng Mikumo
⑦Panrehiyong Kawanihan ng Promosyon ng Iinan
⑧Panrehiyong Kawanihan ng Promosyon ng Hidaka

※Hindi maaaring itapon ang mga baterya, fluroscent na ilaw, bombilya, CD/CVD, atbp.

# Pag-recycle ng kompyuter

## Paraan ng pagtatapon ng hindi na ginagamit na kompyuter


### 1. Dalhin sa Matsusaka City Recycling Center, Matsusaka City Clean Center

Kinokolekta sa Matsusaka City Recycling Center at Matsusaka City Clean Center ang mga kompyuter at monitor ng kompyuter.

[Mga Tinatanggap na Makina]
Desktop na kompyuter, laptop, CRT monitor, LCD monitor, kompyuter na may kasamang CRT monitor,kompyuter na may kasamang LCD monitor

※Ngunit hindi kokolektahin ang mga TV tuner.
(Itanong sa tagagawa ng kompyuter)
※Maaari ring kolektahin ang mga accessory ng kompyuter (mouse, keyboard, cable, atbp.)

[Lugar kung saan kokolektahin]
Matsusaka City Recycling Center
Matsusaka City Clean Center
※Maaaring magbago ang mga oras ng pagkolekta sa mga katapusan at simula ng taon.



※Kinokolekta rin sa kahong pangkolekta ang mga laptop bilang recyclable na maliliit na kasangkapan.

### 2.Gamitin(nang libre)Lynette Japan Recycle Co., Ltd.

[Paraan ng Paggamit]

Simpleng 3 hakbang!

Maghintay lamang!
Pinakamabilis itong kinokolekta sa susunod na araw!

①Mag-apply

Mag-apply sa Internet



②Ibalot ang mga kokolektahing bagay



Okay lang kahit ibalot sa kahon, atbp.♪

③Kokolektahin ng kartero



Pupuntahan ka ng kartero sa ninanais mong petsa at oras ng pagkolekta.

- Mangyaring mag-apply sa Lynette Japan Recycle Co., Ltd.sa Internet para sa pagpapakolekta.
- Pupuntahan ka ng kartero sa ninanais mong petsa at oras ng pagkolekta.
- Maaaring kolektahin rin ng Lynette Japan Recycle Co., Ltd ang mga itinalagang maliliit na kasangkapan kasama ng kompyuter.
- May singil sa pangongolekta ng maliliit na kasangkapan, kaya't mag-ingat.

※Ang mga CRT (Cathode-ray tube) monitor ay nangangailangang i-proseso para matanggal ang mga mapanganib na substansya kaya ang bawat unit ay nagkakahalaga ng ¥3,000 (hindi kasama ang buwis).

Dito para sa maliliit na kasangkapan

[Impormasyon ng Pag-aaplayan]
Lynette Japan Recycle Co., Ltd.
https://www.renet.jp/ ☎0570-085-800

### 3 Ibigay sa tagagawa ng kompyuter

Ang mga kompyuter na hindi na ginagamit ay kokolektahin/ire-recycle ng tagagawa ng kompyuter alinsunod sa Batas ng Pagtataguyod sa Mabisang Paggamit ng mga Mapagkukunan.

※Ang mga pantahanang kompyuter na binili mula noong Oktubre 2003 ay may nakadikit na "marka na recyclable PC"
Ang mga may nakadikit na "marka na recyclable PC" ay kokolektahin/ire-recycle ng tagagawa ng kompyuter nang walang bayad。
※Laging kumpirmahin sa tagagawa ng kompyuter ang pag-apply, paraan ng pagkolekta, singil atbp.
Makukumpirma rin sa website ng "Asosasyon sa Pagtataguyod ng 3R ng kompyuter " ang website ng bawat tagagawa ng kompyuter.
※Pakiusap kontakin ang nasa ibaba kapag ang iyong kompyuter ay walang malinaw na tagagawa ng kompyuter gaya ng sariling-gawang kompyuter, o ang tagagawa ng kompyuter ay nabangkarote/nagsara ang negosyo.





PC リサイクル

PC3R

Asosasyon ng Pangkalahatang Inkorporada at ng Asosasyon para Promosyon ng 3R ng Kompyuter 2-2-2 Ogawamachi, Kanda, Chiyōda-ku, Tokyo
☎03-5282-7685 FAX03-3233-6091

# Pag-recycle ng kasangkapang pambahay

Ang mga basurang kasangkapan sa bahay kagaya ng aircon, TV refrigerator, freezer, washer, dryer na maaaring i-recycle ay hindi kinokolekta ng lungsod. Ang mga retailer, tagagawa ng kompyuter, atbp ay ang responsable sa pagkolekta at pagre-recycle nito.

| refrigerator/freezer | aircon | washer/dryer | TV (Cathode-ray tube, LCD, plasma) |
|---|---|---|---|

○Mangyaring bayaran sa post office ang singil sa pag-recycle. (kailangang bayaran ang singil sa pagproseso)
○Makakakuha ng recycle ticket sa post office.
○Iba-iba ang singil sa pag-recycle depende sa tagagawa ng kompyuter.
○Maaaring magbago ang singil dahil sa pagbabago ng buwis sa pagkonsumo, atbp.
○Kapag direktang dadalhin sa itinakdang lugar ng pagkukunan o sa Matsusaka City Clean Center, kakailanganin mo ng isang ticket (prepaid).
○Kailangan din ang singil sa pag-recycle para sa mga binaklas na kagamitan.
○Kapag hindi mo alam ang tagagawa ng kompyuter, dalhin ito sa itinalagang lugar ng pagkukuhanan.




**Paraan ng pagtatapon ng mga nare-recycle na kasangkapang pambahay**

| | |
|---|---|
| Kapag humihiling na magpakolekta sa isang tindahan ng mga kasangkapan para sa bahay | Singil sa pag-recycle + Singil sa transportasyon |
| Kapag direktang dadalhin sa itinakdang lugar ng pagkukunan | Recycle ticket (Prepaid) lamang |
| Kapag Dadalhin sa Matsusaka City Clean Center | Recycle ticket (Prepaid) + Singil sa proseso ng pagtatapon sa lungsod |

| | |
|---|---|
| refrigerator/freezer | ¥1,040 |
| aircon | ¥830 |
| TV | ¥300 |
| washer/dryer | ¥510 |

## Itinalagang lugar na pagkokolektahan sa kalapit na bayan

"Kyowa Unso Ltd. Bodega sa Matsusaka"
(3114-1 Uegawachō, Matsusaka City)
☎0598-61-0888

"Tayama Co., Ltd."
(1143 Minamihamakae, Takajiyakomoriueno-cho, Tsu)
☎059-234-8666

## Para sa mga katanungan tungkol sa pag-recycle ng kasangkapan

Sentro ng ticket para sa pag-recycle ng kasangkapang pambahay ☏0120-319640

# Mapanganib na basura

Ilagay sa transparent/semi-transparent na supot at itapon ito sa pagtatapunan ng basura.




## ★spray can ★canister cartridge

Hindi na kailangang butasan ang sisidlan.
Dahil sa panganib ng sunog, mangyaring ubusin ang gas bago ito itapon.

## ★lighter



※Dahil sa panganib ng sunog, mangyaring ubusin ang gas bago ito itapon.

## ★dry cell na baterya





Ang mga karaniwang baterya gaya ng bateryang alkali, bateryang manganese, bateryang lithium (lalo na ang mga coin na baterya), atbp ay kailangang kolektahin.

※Mangyaring makipagtulungan sa tindahan ng pinagbilhan mo ng baterya para sa pagkokolekta ng mga maliliit na bateryang maaaring magamit ng paulit-ulit o nare-recharge tulad ng mga (nickel-cadmium na baterya, nickel metal hydride na baterya, lithium-ion na baterya).

# Fluorescent na ilaw


## ★fluorescent na ilaw



Para sa pagtataguyod ng ligtas na pagkolekta at pagrecycle, ang tube ng nagamit nang fluorescent na ilaw na para sa bahay ay kinokolekta at inire-recycle ng syudad. (Inire-recycle ng kumpanyang nagre-recycle ang mga nakolektang fluorescent na ilaw)

Itapon ang nagamit nang fluorescent na ilaw nang nakalagay sa orihinal na kahon nito o kaya ay ilagay ito sa hiwalay na supot para hindi ito mabasag.

※Kapag lumampas ang haba nito sa 1m20cm, mangyaring dalhin ito sa bodega ng recyclable ng bawat pasilidad (Tingnan sa Pahina 14).




## ★Termometro na may mercury, sphygmomanometer

※Ang mga may mercury ay maaaring itapon kasama ang fluorescent na ilaw。

# Direktan itong dalhin sa pasilidad na nagpoproseso

Basurang nasusunog/ Basurang hindi nasusunog ····➤ **Matsusaka City Clean Center**

(Nasa takip sa likod ang mapa ng pasilidad na nagpoproseso)

**Araw at Petsa ng Pagtanggap**

**Lunes~Biyernes, Ika-3 Linggo ng Buwan**

**8:30 - 12:00 ng umaga 1:00 - 4:30 ng hapon**

※Hindi kasama ang katapusan at simula ng taon at holiday
Ngunit tinatanggap ito sa mga holiday na nasa araw ng Lunes at Miyerkules.



**Paraan ng pagtanggap**

Mangyaring kumuha muna ng porma ng aplikasyon para sa pagtatapon ng basura, sagutan ang kinakailangang patlang at isumite ito sa reception desk.

**Itinalagang lugar para sa pagkuha ng porma ng aplikasyon para sa pagtatapon ng basura**

●Matsusaka City Recycling Center ●Mikumo Recycling Center
〇Panghuling Lugar na Tapunan ng Basura sa Syudad ng Matsusaka
〇Reception Desk sa Pangunahing Tanggapan
●Bawat Panrehiyong Kawanihan ng Pagtataguyod 〇Bawat civic center ng ward/lungsod
〇Bawat sangay ●Sentro ng Pagtataguyod ng Industriya ng Syudad ng Matsusaka
●Matsusaka Community Center (2F Marm) 〇Unang Tanggapan ng Serbisyong Panlipunan
〇Ikalawang Tanggapan ng Serbisyong Panlipunan ●Work Center Matsusaka
●Tanggapan ng Pamamahala ng Bulwagang Pangkultura ng Kuragi
※●Maaari ka ring makakuha ng aplikasyon sa mga araw ng pahinga sa mga pasilidad.
※Maaari rin itong i-download sa website ng Syudad ng Matsusaka.

**Singil sa pagtatapon ng basura ※Simula Abril 2015**

| Karaniwang basurang nakukuha sa mga tahanan<br>※Mga basurang nagmumula sa mga aktibidad sa tahanan | Karaniwang basurang nauugnay sa negosyo<br>※Sa mga basurang nagmumula sa mga aktibidad ng negosyo, tinutukoy dito ang mga basura ng negosyo bukod sa mga basura na nagmula sa mga industriyal |
|---|---|
| | ¥150 sa bawat 10kg |
| Mas mababa sa 100kg Libre | Mas mababa sa 10kg ¥150<br>Lampas ng 10kg hanggang 20kg ¥300<br>·<br>· |
| Lampas ng 100kg hanggang 110kg ¥150 | Lampas ng 100kg hanggang 110kg ¥1,650 |
| Lampas ng 110kg hanggang 120kg ¥300 | Lampas ng 110kg hanggang 120kg ¥1,800 |
| May karagdagang ¥150 para sa bawat 10kg at pataas | May karagdagang ¥150 para sa bawat 10kg at pataas |




**Mahalagang Paalala**

## Sa mga magdadala ng basura




〇Hangga't maaari, dalhin ang mga basura nang magkahiwalay ayon sa basurang nasusunog o basurang hindi nasusunog.
〇Hindi tatangapin ang dalang basura kung hindi nakahiwalay ang mga basurang nasusunog, basurang hindi nasusunog, mga recyclable na bagay at iba pa, o hindi natugunan ang mga pamantayan sa pagtanggap ng basura.
〇Kung dadalhin ang basura, dapat na ang may-ari mismo ang magdadala nito. Bukod dito, dalhin ang basura na maaari naming makumpirma ang nilalaman nito.
〇Kapag magsusumite ang porma ng aplikasyon, mangyaring ipakita ang ID (lisensiya ng tagapamaneho, atbp.) ng taong magmamaneho sa sasakyang magdadala ng basura. Bukod dito, kung kasamang sasakay ang may-ari ng basura sa sasakyang magdadala ng basura, mangyaring ipakita rin ang ID ng mismong may-ari nito.
〇Tatanggihan kapag nagsinungalin sa pinunang porma ng aplikasyon para sa pagproseso at pagtatapon ng basura.
〇Maaaring dumagsa kaagad ang mga tao sa pagbukas pa lang o bago magsara ang reception desk. Mangyaring maglaan ng maraming oras.
〇Depende sa kung anong uri ng basura ang iyong dinadala at kung gaano kadalas mo ginagawa ang pagdadala nito, maaaring puntahan namin ang lugar na pinanggalingan ng basura para masuri ito at para narin malaman ang kalagayan nito.
〇Ang sasakyang maaaring gamitin sa pagdadala ng basura ay ang mga sasakyang hindi lalampas sa 6m ang kabuuang haba at hanggang 3 tonelada lamang ang bigat ng sasakyan.

## Mga pangunahing bagay na maaaring iproseso sa pamamagitan ng pagdadala nito


### Mga bagay na hindi maaaring itapon sa lugar na pagkokolektahan ng basura ngunit maaaring iproseso kung direktang dadalhin.

○Malalaking muwebles na gawa sa kahoy (tanggalin ang babasagin/bakal at itapon sa basurang hindi nasusunog)



○Para sa mga puno sa hardin, kawayan at mga basurang mas maikli sa 2m at kapal na hanggang 12 cm.
Hindi maaaring dalhin ang mga bagay na lalagpas sa itinakdang sukat


※Pakiusap huwag ikalat ang basurang dinala na nakalagay sa supot ng basura o sheet.



hanggang 2m


○Mga bagay na matitigas at hindi nadudurog
(iron ingot, H steel, vise, crowbar, barbell, iron array, hydraulic jack, boiler, atbp.)

○Mga bagay na mahirap iproseso
Ihiwalay ang (alambreng lubid, alambreng mesh fence, bakal na kadena ng gulong) mula sa mga basurang hindi nasusunog at dalhin sa lugar na pagkokolektahan.



○Mga malalaking muwebles na gawa sa bakal (hindi kasali ang bahaging kahoy), sofa, kutson na may spring, makinang pangmasahe, atbp.

○Ang mahahabang bakal na sampayan ng labada, bakal na tubo at yero ay kailangang gupitin o tiklupin hanggang 2m ang haba, bago dalhin sa lugar na pagkokolektahan.



○ Mga produktong may compressor
(Halimbawa) Mga dehumidifier na hindi pangkomersyo
(Mangyaring makipag-ugnayan sa Clean Center nang maaga)

※Hindi maaaring tanggapin ang mga basurang industriyal na nagmumula sa mga aktibidad na pangnegosyo.
(Ang mga basurang materyal, basurang tatami, plastik, vinyl, bakal, atbp. na nauugnay sa konstruksyon (paggiba/renovation) ay itinuturing na basurang industriyal.)

※Mangyaring huwag magkasamang dalhin ang mga basurang mula sa mga aktibidad na pangnegosyo at basurang mula sa tahanan. Bukod dito, kung ang basura mula sa tahanan ay dinala sakay ng sasakyang bukod sa pangkaraniwang sasakyan gaya ng sasakyan ng kumpanya, maaari itong mapaghinalaan na nagmula ito sa mga aktibidad na pangnegosyo, at maaaring masingilan o matanggihan ito bilang basurang industriyal. Hangga't maaari ay dalhin ang basura gamit ang sasakyang pantahanan.



Para sa tambakan ng basura

# Panghuling Lugar na Tapunan ng Basura sa Syudad ng Matsusaka

(Nasa takip sa likod ang mapa ng pasilidad na nagpoproseso)

**Araw at Petsa ng Pagtanggap**

**Lunes~Biyernes** ※Hindi kasama ang katapusan at simula ng taon at holiday

**8:30 - 12:00 ng umaga 1:00 - 4:30 ng hapon**

## Singil sa pagtatapon ng basura

| pinakamalaking kapasidad ng sasakyan (kada sasakyan) | |
|---|---|
| Mas mababa sa 350kg | ¥2,090 |
| Lampas ng 350kg hanggang 500kg | ¥5,230 |
| Kapag lumampas ng 500kg | May karagdagang ¥5,230 para sa bawat 500kg (1kg-500kg) |

Ang halaga ay depende sa pinakamalaking kapasidad na paglulan ng sasakyan!



**Mahalagang Paalala**


- ●Ito ay para sa mga nagmumula sa tahanan na buhangin, bloke, kongkreto, atbp. Hindi maaaring dalhin ang mga basurang mula sa konstrusyon dahil ito ay basurang industriyal.
- ●Kung magdadala ng basurang pang-landfill, mangyaring huwag itong ikalat.
- ●Mangyaring makipag-ugnay mula sa panghuling lugar na pagtatapunan ng basura bago dalhin ang basura.

## Mga bagay na hindi kinokolekta/pinoproseso ng lungsod





kemikal/ pestisidyo

fire extinguisher






mga likidong gaya ng maruming mantika, atbp.




silindro ng gas

baterya







basurang medikal



gulong


pulbura ng baril






piano

※Iba pa, mga basurang industriyal na mula sa mga aktibidad na pangnegosyo



bisikleta/motorsiklo/ makinang pang-agrikultura at ang mga piyesa nito

# Mga Gabay at Katanungan Tungkol sa Pasilidad

## 〈Pangalan ng Pasilidad〉 Matsusaka City Recycling Center


(351-2 Machibirao-cho)

**<Para sa mga katanungan tungkol sa pagkolekta ng basura/ permit/lugar na pagkokolektahan/pagre-recycle>**

○Kagawaran para sa Kapakanan ng Kapaligiran at Dibisyon para sa Gawain ng Paglilinis

☎0598-53-4470
FAX0598-51-6406






## 〈Pangalan ng Pasilidad〉 Matsusaka City Clean Center

(751 Katsurase-cho)


**Basurang nasusunog** | **Basurang hindi nasusunog**

**<Para sa mga katanungan tungkol sa pagdadala/pagtatapon ng basura>**

○Kagawaran para sa Kapaligiran at Pamumuhay Dibisyon para sa Pasilidad ng Paglilinis

☎0598-36-0975
FAX0598-36-0560






## 〈Pangalan ng Pasilidad〉 Panghuling Lugar na Tapunan ng Basura sa Syudad ng Matsusaka


(985 Kamikawa-cho)

**<Para sa mga katanungan tungkol sa basurang pang-landfill>**

○Kagawaran para sa Kapaligiran at Pamumuhay Dibisyon para sa Pasilidad ng Paglilinis

☎0598-28-7710
FAX0598-28-7713






## 〈Pangalan ng Pasilidad〉 Mikumo Recycle Center

(2499-1 Sohara-cho)

**Para sa mga katanungan tungkol sa mga basura sa lugar ng Mikumo**

○Panrehiyong Kawanihan ng Promosyon ng Mikumo, Lokal na Residensyal na Dibisyon

☎0598-56-7909
FAX0598-56-5382






**Para sa mga katanungan tungkol sa mga basura sa lugar ng Ureshino**

○Panrehiyong Kawanihan ng Promosyon ng Ureshino, Lokal na Residensyal na Dibisyon …… ☎0598-48-3813 FAX0598-42-6220

---

**Para sa mga katanungan tungkol sa mga basura sa lugar ng Iinan**

○Panrehiyong Kawanihan ng Promosyon ng Iinan, Lokal na Residensyal na Dibisyon …… ☎0598-32-2514 FAX0598-32-3771

---

**Para sa mga katanungan tungkol sa mga basura sa lugar ng Iitaka**

○Panrehiyong Kawanihan ng Promosyon ng Iitaka, Lokal na Residensyal na Dibisyon …… ☎0598-46-7117 FAX0598-46-1092